Magpraktis Tayo!

MAGPLANO NG BUDGET

Ngayong alam na natin ang kahalagahan ng pagpapaplano ng maaga para sa mga gastusin, subukan mo namang gumawa ng pang-isang linggong plano para sa iyong allowance. Kung wala kang natatanggap na allowance, pwede mong tantiyahin ang gastusin ng iyong pamilya kasama si nanay at tatay – magtungo sa sunod na pahina.

KUNG MERON KANG ALLOWANCE - Ang isang karaniwang bata sa Pilipinas ay nakatatanggap ng 70 hanggang 300 piso na allowance sa loob ng isang linggo. Pwedeng galing sa sukli ng grocery o regalo. Narito ang halimbawa kung paano magplano ng allowance na may halagang 200 piso.

MAGPLANO NG IYONG SARILING WEEKLY ALLOWANCE

Narito kung paano ka makakapagplano ng iyong gastusin.

SA **BUDGET** COLUMN, ILAGAY ANG EXPECTED AMOUNT NA BUDGET PARA SA BAWAT GASTUSIN SA LOOB NG ISANG LINGGO. UNAHIN MO MUNA ANG PARA SA SAVINGS (IPON). PARA ITO SA IYONG PLANO NG SAVINGS (IPON) AT GASTUSIN.

SA COLUMN NA **ITEM**, ISULAT ANG MADALAS MONG PAGKAGASTUSAN: SCHOOL LUNCH, LIBRO, TRANSPORTASYON AT IBA PA.

PETSA: *May 2 –8* ALLOWANCE: *P 200*

item	budget	actual
ipon	*15*	*30*
school lunches	*110*	*110*
pamasahe	*40*	*50*
pangmeryenda	*15*	*20*
candies	*5*	*5*
paglalaro sa computer shop	*15*	*0*
TOTAL	*200*	*200*

MULA LINGGO HANGGANG SA SUMUNOD NA LINGGO, PAGSAMA-SAMAHIN ANG KABUUAN NG IYONG GASTUSIN AT ILAGAY SA **ACTUAL** COLUMN. SA ORAS NA HAWAK MO NA ANG IYONG ALLOWANCE, MAGLAAN KA MUNA NG BUDGET PARA SA SAVINGS (IPON).

SUBUKANG MAGTIPID SA MGA HINDI KINAKAILANGANG GASTUSIN. HALIMBAWA, PWEDE MONG DOBLEHIN ANG HALAGA NG IYONG SAVINGS (IPON) SA PAMAMAGITAN NG HINDI PAGPUNTA SA COMPUTER SHOP PARA MAGLARO NG ONLINE GAMES.